Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-6 NG HUNYO, 1994 IKA-9:00 NG UMAGA DITO SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Crisencio S. Calma
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Bernabe S. Mortel
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.
Kagawad Ranulfo C. Bernal

Hindi Dumalo:

Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairman

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

KAPASYAHAN BLG. 69
Taong 1994

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGKILALA AT PAGPAPAHALAGA SA KAGITINGANG IPINAMALAS NI BARANGAY KAGAWAD LORETO GEGUILLAN NG SAN MIGUEL, ROXAS, SILANGANG MINDORO NOONG IKA-5 NG HUNYO, 1994.

SAPAGKA'T, noong nakaraang Hunyo 5, 1994 sa ganap na ika-5:00 ng hapon ay nagkaroon ng kaguluhan sa basketball court ng San Miguel kung saan ang isang lasing na nagngangalang Antonio Mesa ay naghamon ng away at hinabol ang dalawang mamamayan ng nasabing barangay;

SAPAGKA'T, sa sobrang kalasingan ay hindi nagawang abutan ng nasabing lasing ang mga hinahabol kaya't sa sobrang galit nito ay umuwi sa kanilang tahanan at pagbalik ay may dala ng granada;

SAPAGKA'T, ang mga tao ay nagkagulo at lubhang natakot dahil sa inalisan ng pin ang nasabing granada;

SAPAGKA'T, salamat sa maagap na pagkilos ni Kagawad Geguillan ay naagaw ang nasabing granada at napagtulungang ibalik ang pin at sa gayon ay naiwasan ang kapahamakan ng marami;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito ay lubos na kumikilala at nagpapasalamat sa kagitingang ipinamalas ni Barangay Kagawad Loreto Geguillan na isang maliwanag na pagpapamalas ng paglilingkod sa mga kababayan;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Crisencio S. Calma na inayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipahayag ang pagkilala at pagpapahalaga sa kagitingang ipinamalas ni Brgy. Kagawad Loreto Geguillan sa insidenteng naganap sa nasabing barangay noong Hunyo 5, 1994.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Barangay Kagawad LORETO GEGUILLAN ng San Miguel, Roxas, Silangang Mindoro gayundin sa Sangguniang Barangay ng San Miguel para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat.

Hunyo 6, 1994

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng kapasyahang ito.

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. LIMPILIS
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

Received : Mftabi
06/27/94

mercy/